# Magasin ng Bagong Buhay

Linggo, Disyembre 30, 1951




*Gusgusin at patang-pata ang katawan sa ginampanang mga gawain, ang matandang ito ay lilisan na sa sariling tahanan upang maglakbay... Iniiwan niya ang susi ng tahanan sa isang sanggol na siya namang mangangasiwa sa mga bagaybagay at magsasabalikat ng mga bagong pananagutan. "Inaasahan kong matutupad mo nang buong linis ang iyong mga tungkulin," wika ng matanda. 'Amen," sagot ng bata.*

(Tingnan ang mga pahina 3 at 4)

## Bagong Taon . . .

*Ang huling anag-ag ng yumaong taon*
*di na maaninag sa Kanlurang yaon;*
*subali't ang bakas ng kanyang panahon*
*sa puso'y iniwang tinik na nagtuon.*

*Sa bisig ng kanyang mapagpalang habag*
*ang bawa't lunggati'y nadurog na lahat:*
*ang kaligayahang sabik na malasap*
*pinaging ibon pang kung saan lumipad.*

*Pinagsumakitang kahit na bahagya*
*ay pakisunuan ang puso ng tuwa;*
*nguni't bago pa lang sumasagunita*
*sa buhay ko'y lalong dusa ang nalikha...*

*Kaya't BAGONG TAON, ngitian ng aliw*
*ang pagkalugami ng buhay sa lagim;*
*bayaan mong hagkan ang aking panimdim*
*nang pananagana sa iyong pagdating.*

*Ibangon mo ako sa dusa't pighati*
*na kinarapaan nang minsang masawi;*
*nais kong sa iyong kandungan ngumiti*
*ang katalampukan ng aking lunggati!...*


*Ayokong hintaying may awang humandog*
*na buhat sa isang balat-kayong alok;*
*ang hinahangad ko'y sakaling matampok*
*ay mula sa tulong ng tapat na loob.*

*At umaasa ring sa iyong pagdatal*
*ay ibabalik mo ang kapayapaan;*
*(Sa aming daigdig ay iyong daratnang*
*nagkalat ang bungo't durog na kalansay...)*

**FLORENTINO S. CELERIO**




MISSING PAGE/PAGES




*Ang harap ng tahanan ni Rizal kung pagmamalasin sa kabilang panig ng lansangang panlalawigan ng bayan ng Kalamba.*

**ALINSUNOD SA SUMULAT NG LATHALANG ITO, ANG TAHANAN NG MAG-ANAK NA RIZAL SA KALAMBA AY ISANG DAKILANG RELIKYA NG ATING LAHI NA DAPAT MAHALIN NG BAWA'T PILIPINO.**

# Ang Bahay Ni Rizal Sa Kalamba, Laguna

**Sinulat ni JESUS C. OLEGA**



*Ang tahanan ni Rizal kung pagmamalasin sa gawing tagiliran sa kaibayong panig ng Simbahang Katoliko sa Kalamba.*

NANG pagbuhulin ang kapalaran nina Francisco Mercado at Teodora Alonso sa bayang Kalamba, Laguna, noong ika-28 ng Hunyo ng 1848, si Francisco Mercado na ama ni Dr. Rizal ay may 30 taong gulang lamang samantalang si Teodora Alonso na ina ni Dr. Rizal ay may 20 taong gulang.

Palibhasa'y katutubo kay Don Franciso ang pagka-masikap, nangyaring nakapagpatayo siya ng isang tahanang uliran sa ganda at kawili-wili. Alinsunod na rin sa panulat ni Dr. Rizal, ang kanilang tahanan ay napapaligiran ng sarisaring mga punong-kahoy, katulad ng atis, santol, balingbing, nangka, tampoy, sampalok at iba't iba pang mga punong-kahoy. May manukan sila na pinagkukunan ng itlog na kinakain sa araw-araw, may inaalagaan silang mga pabo, gansa, at pato. At sagana sila sa mga halamang gulay na itinatanim sa isang panig ng bakuran sa pana-panahon.

Ang kawili-wiling tahanang ito na kinatitirahan ng isang mag-anak na matahimik at mapag-kawanggawa ay isa sa mga katangitangi sa kanilang paligid. Ito'y nasa gilid ng pinaka-malaki at pangunahing lansangan sa bayang Kalamba at kaibayong panig ng Simbahang Katoliko. Sa malaking bulwagan ng bahay na ito ay mapagmamalas ang kaaya-aya at maalamat na bundok ng Makiling. Isang tahanang bato, ang hagdanang nasa gitna ay bato rin ang ilang baytang at ang iba naman ay kahoy na mulawin. Sa pagpasok sa kabahayan ay isang maaliwalas na bulwagan ang unang matatanghal sa paningin. May tatlong maaliwalas na silid na ang dalawa ay nasa harap ng lansangan. May isang kainan o "comedor" na karaniwan ang laki at nasa gawing likuran nito ang lutuan at sabitan ng mga kailangan sa pagluluto. Sa gawing kanan, paharap sa lansangan, naroroon ang palikuran at paliguan na magkaratig, at ang "azotea" ay kaugnay ng balon na napakalalim at sa pagsalok dito ng tubig ay binabatak ang lubid na nasa kalong nakasabit sa labi ng balon. Ang silong ay talikop ng muog na yaring makakapal at malalaking tipak na bato na siyang pinaka-bakod ng gusali sa paligid. Madilim ang pook na ito na siyang imbakan ng mga naaaning palay at sa isang panig ng silong ay doon nagsisitira ang mga kasama sa bukid at ang mga alila. Sa gawing kanan, paharap sa lansangan, ay may silungan ng mga kabayo at ito ang kabalyerisa na siyang pinagsisilungan ng kabayo ng pinuno ng "guardia sibil" na laging panauhin ng ama ni Dr. Rizal. Ang bubong ng bahay ay tisa, sa kalagitnaan ng palupo ng gusali ay may isang munting bahay-bahayan ng kalapati at sa tuktok nito ay may isang krus, tanda na ang mga nagsisitira doon ay mga taong madasalin; at ang munting bahay-bahayang ito ay minsang pagpugaran ng mga ibong maya na aaligid sa mga punong-kahoy na nasa paligid ng bahay.

Iyan ang kaayusan ng tahanang kinakitaan ni Dr. Rizal ng unang liwanag na nang siya'y binyagan noong ika-22 ng Hunyo ng 1861 ay dalawang banda ng musiko ang di nagsawang magparinig ng malalambing na tugtugin. Sa isa sa mga silid ng tahanang ito malimit magparaan ng gabi ang mga kastilang pinuno ng hukbo.

Sa tahanan ding iyan isinilang sa maliwanag ang labing-isang bunso ng mag-asawang Mercado. Si Dr. Rizal ang ika-7 sa kanilang magkakapatid. Ang kawili-wiling tahanang ito ay sinunog ng mga maykapangyarihang Kastila noong 1891, ngu-ni't bilang paggalang at pagmamahal ng ating Pamahalaan sa "Belen ng Pilipinas" ay sinikap na maitayong muli ito sa pamamagitan ng mga ambagan ng mga batang nagsisipag-aral sa ating mga paaralang-bayan at ito'y pinasinayaan noong i-

# TERESITA

## Nobela ni EDUARDO VIANZON RAÑOLA



**DAHIL SA MGA PANGAKO NI RAMON, SI ROSALINA AY LUBOS NA NAGTIWALA... UMUWI SILA SA BUHANGINAN SUBALI'T MAY NAGANAP NA MALUBHANG PANGYAYARI**

*(Ika-3 labas)*

MATAGAL nang nakaalis si Tinoy nang madako sa ibang paksa ang usapan nina Ramon at Rosalina. Nabigla pa ang dalaga sa di niya inaasahang babanggitin ng binata, bagaman ang mga pangungusap na namutawi sa bibig nito ay nakapagpataba sa kanyang puso.

—Rosalina, nalalaman mo bang ikaw ang pinakamagandang dalagang nakilala ko? — wika ni Ramon na pinakatitigan ang binibini. — Kung hindi mo pa nalalaman, ngayo'y dapat mong mabatid ang katotohanang iyan!

—Si Ramon naman... — tanging naisagot ni Rosalinang tumatahip ang dibdib. Pagkatapos ay napatungo sa kanyang kandungan na wari'y hindi matagalang salubungin ng titig ang titig ni Ramon.

——At ngayong batid mo na ang bagay na iyan, — patuloy ni Ramon na di inaalis ang pagkakapako ng tingin sa mukha ng dalaga, — dapat mo ring matalos na ikaw pa lamang ang tanging babaing labis na bumighani sa aking katauhan... at ngayo'y tanging babaing lihim na sinasamba ng aking puso!

Isang buntong-hininga ang nulas sa mga labi ni Rosalina, nguni't hindi tumugon. Aywan ba't ang mga pangungusap na yaong dati na niyang naririnig sa bibig ng kanyang mga talisuyo ay nagtataglay ng kakaibang lakas at kapangyarihan ngayong nagmumula sa mga labi ng kaharap na binata. Hindi rin niya malaman kung bakit ang mga pangungusap na yaon ay malugod na tinatanggap ng kanyang puso't kaluluwa na kasabay ng pagkadama niya sa kanyang sarili ng isang malalim at mahiwagang kaligayahang noon lamang dumalaw sa kanyang katauhan.

Hanggang sa nang magpaalam si Ramon nang umagang yaon ay di maipaliwanag ni Rosalina kung bakit parang wala siya sa kanyang sarili at kung bakit di niya natanggihan ang inihain nitong pag-ibig gayong napakaaga pa at di pa napapanahon. Nagpaalam noon si Ramon na masaya at umaawit ang puso pagka't baon na ang kanyang di naipagkait na pagmahal.

Hindi nagkabula ang hinagap ni Tinoy. Si Ramon nga ang lalaking kinaliibingan ng nalalabi pa niyang pag-asa sa linuluhain lamang pagdating nang araw... — wika ni Rosalina, isang dapit-hapong sila'y muling nag-uulayaw ng kasintahan. Magkapiling sila noong nakaupo sa ibabaw ng mga batuhan sa tabi ng dagat sa Luneta.

—Hindi lamang ipinangangako kundi isinusumpa ko pa, Rosalina, na hindi kita pababayaan, — masuyong sagot ni Ramon. — Pagkatapos natin sa lunggating pagtatangi at pag-ibig ni Rosalina!

Magmula nang umagang yaon, ganap nang nagbago ang lakad ng mga pangyayari. Si Rosalina at si Ramon ay malimit nang makitang magkasama sa mga sayawan, iskursiyon at piknik. Kadalasa'y nagtutungo ang dalawa sa "Aristocrat Beach Resort" at doon nagpapalipas ng maliligayang sandali. Malimit na sumasagap sila ng sariwang simoy ng hangin sa may baybay-dagat ng Luneta. Sa mga pook na iyong kapangapangarap sa mga pusong nagmamahalan madalas silang nagtatalik at doon nila muli't muling pinagtitibay ang pagkakabuklod ng kanilang mga damdamin.

—Ramon, nais kong ipangako mo sa akin na di mo ako paluating pag-aaral, wala akong unang hahangarin kundi ang tayo'y makasal. Ituturing kong lubos na ang aking kaligayahan kung tayo'y magkapiling na namumuhay sa lilim ng isang tahanan, kung ako'y ganap nang iyo at ikaw nama'y ganap na ring akin!

—Nguni't ang iyong mga magulang, Ramon... — bahagyang nangulimlim ang mukha ni Rosalina. — Sila ang inaalaala ko. Baka hindi sila pumayag na isang katulad ko lamang ang makaisang-palad ng kanilang anak.

——Ipaubaya mo sa akin ang bagay na iyan, mahal ko. Sa palagay ko'y hindi naman sila manghihimasok sa suliranin ng aking puso. At sakaling magkatotoo man ang bagay na iyong ipinangangamba, ako rin ang masusunod... Nasa ganap na gulang na ako at di ko ipalulupig sa kapangyarihan ng aking mga magulang ang karapatan ko at kalayaan sa pagpili ng babaing kakasamahin sa buhay.

Nang mga sandaling iyon ay lubos na napagkilala ni Rosalina ang katapatan ng kasintahan. Lumulutang sa luwalhati ang kanyang puso! Nang may ibulong sa kanya si Ramon upang ganap na patunayan naman niya ang kawagasan ng kanyang pag-ibig ay hindi siya nakatanggi — katulad noong umagang di rin niya naipagkait ang kanyang katugunan sa inihain nitong pagmamahal.

Gaya ng nakatadhana sa palad ni Rosalina, nang hapong yaong kulimlim ang langit at mahalumigmig ang simoy ng hangin, ay naganap ang isang kabanata. Samantalang sa nayon ng Buhanginan ay abalang-abala si Aling Anday sa pamamakyaw ng mga gulay na maititinda kinabukasan upang patuloy na matustusan sa pag-aaral ang malayong bunso... samantalang si Tinoy ay malungkot na nakaupo sa lilim ng hapay na punong mangga sa kanilang bukirin at dinidilidili ang masaklap na pangungulila sa tanging babaing pinag-uukulan niya ng walang kapantay na pag-ibig... sa isang pook ng magdarayang lunsod ay isang bulaklak naman ang unti-unting nalalagas ang mga talulot.

—Ramon... umaasa ako sa karangalan ng iyong pangungusap na di mo ako pababayaan! — may luha ang mga mata ni Rosalina nang bigkasin iyon matapos siyang mamulat sa katotohanan.

—Mapanghahawakan mo ang aking pangungusap, Rosalina... — patibay ni Ramon na umaawit ang puso sa pagtatagumpay ng kanyang hangarin.

---


MAGBUHAT nang hapong yaon ay di na hiniwalayan ng mga alalahanin si Rosalina. Sa kabila ng lahat ay di niya maiwaksi sa gunamgunam ang mga luksang pangitaing maaaring

*(Buklatin sa pahina 14)*

**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE
7-9 A.M. No. 2 Legarda,
2-3 P.M. Tanduay.
10-12 A.M. Calvo Bldg.,
4- 7 P.M. Escolta

# PASKO SA MALINAW

## Kuwento ni JOSE S. CONCEPCION



**SA PAGKAKABUKLOD NG DALAWANG PUSO AY NAGKABUKLOD DIN ANG DALAWANG ANGKANG MALAON NANG MAGKATUNGGALI SA PULITIKA**

ISA ako sa masugid na sumusubaybay sa takbo ng pulitika sa bayan ng Malinaw. Kung natatandaan pa ninyo, ang bayang ito ay malimit mabanggit sa mga pahayagan dahil sa mainitang paglalaban sa pulitika ng mga Montelibano at Marcel. Noong magpapasko na naman, nagmaamo sa akin ang pagkakataong makarating sa Malinaw na napamahal na rin sa akin.

—Bakit ba, Mentong, lagi na lamang isang Montelibano, kung hindi isang Marcel, ang alkalde sa bayan ninyo?—tanong ko sa kaibigang nag-anyaya sa akin doon.

—Alam mo, —simula ni Mentong na sinabaran ko ng "Hindi ko pa alam," na kapuwa námin ikinatawa,—noong panahon ng mga Kastila, ang Malinaw ay nahahati sa Matang Lupa at Pulang Lupa at sang-ayon sa isang matandang kasaysayan, ang unang nanirahan sa Matang Lupa ay ang pamilya ng Montelibano. Ang nagtayo naman ng bayang Pulang Lupa ay ang pamilya ng Marcel.

—'Tay muna, Mentong, may kaugnayan ba 'yon sa tanong ko?—putol ko sa paliwanag ng aking kasama sa hangad na iwasan ang pagpapaligoy-ligoy.

—Oo, Pepe. Ang pamahalaang bayan ng Matang Lupa ay hawak ng Montelibano at ang sa Pulang Lupa naman ay hawak ng mga Marcel. Nang dumating ang mga Amerikano, pinag-isa na lamang ang dalawang bayan at pinangalanang Malinaw. Noon nagsimula ang mainitang pagtutunggali ng dalawang angkan sa pamamahala sa bayan.... Mabuti yata, Pepe, ay pasyalan natin si Milo at nang malaman mong lahat ang nauukol sa aming bayan.

—Sino ang Milong 'yan?

Sa halip na sagutin ako ay hinila ako hanggang sa harap ng isang magarang tahanan.

—Yan ang bahay ng mga Marcel, — wika ni Mentong.

Kumalas ako sa pagkakapigil ni Mentong. —Isang tanong pa, Mentong, bago tayo pumasok. Dito baga nakatira si Milo Marcel, ang bagong halal na alkalde?

Tumango ang aking kaibigan. —Ngayon, naliwanagan mo na kung bakit kita niyaya dito?

—Oo, Mentong, nguni't bakit naman kay-laki ng lamang ni Milo sa kanyang nakasagupang si Alfonso Montelibano? Datirati'y malaki na ang dalawang daang botong ilamang ng isa sa kabilang panig.

—Akala ko ba'y isang tanong lamang ang sasagutin ko bago tayo tumuloy, —ani Mentong na binigyan ng diin ang pagsasalita. —Sa kanya mo na itanong 'yan. Siya ang lalong nakaaalam ng bagay na 'yan —at pagkasabi niyo'y kumatok na si Mentong sa pinto.

Isang matikas na lalaki ang nagbukas sa amin. —Milo, siya si Pepe, ang kaibigan kong taga-Maynila. Pepe, siya si Milo, ang bagong halal na alkalde ng Malinaw, —pagpapakilala sa amin ni Mentong.

Nakangiting kinamayan ako ni Milo. — Ikinagagalak kitang makilala, Pepe.

Napangiti na lamang ako.

—Tuloy kayo... Mentong, Pepe, tumuloy kayo, —malugod na anyaya ni Milo. Nang nakaliko na kami ay nagbigay-butas si Milo tungkol sa aming pakay. — Kung ano man ang kailangan mo, Pape, ay sabihin mo na ngayon at baka hanggang mamaya ay malimutan mo.

—Wala namang mahalagang bagay, Milo,—pasimula ko.—Naitanong ko kay Mentong kung bakit... 'Tay muna, Milo, huwag mo namang ituring na mababang pagkilala ko sa iyong kakayahan nguni't malaon ko nang sinusubaybayan ang pamumulitika dito sa inyo at ipinagtataka ko nang labis kung bakit nagkaisa ang Malinaw sa paghalal sa iyo, gayong...

—Gayong kilala ang Malinaw sa mahigpit na paglalaban sa pulitika? —agaw ni Milo.

—Gayon nga, Milo —sang-ayon ko. —Iyon ay isa pang dahilan kung bakit ko tinanggap ang paanyaya ni Mentong na rito sa inyo mamasko ngayon.

Saglit na nag-isip si Milo upang ako ay sagutin, nang pumasok sa kabahayan ang isang magandang babae. Hindi maikakailang sa kusina siya nanggaling dahil sa suot niyang apron na nauulingan. — A! May panauhin ka pala, Milo, —anya sa asawa, at ang baling sa amin:—Sandali po lamang at magpapalit ako ng damit.

Hindi natagalan at bumalik ang babae. Lumapit siya sa aming umpukan.

—Ang asawa ko, Pepe, si Lita. Lita, gustong malaman ni Pepe kung bakit malaki ang inilamang ko sa nakaraang halalan.

Napangiti si Lita at sa ngiting iyon ay hindi nakaligtas sa aking paningin ang biloy niya sa magkabilang pisngi. — Alam mo, Pepe, si Tatang ang nakalaban ni Milo—parang palagay na agad ang loob niya sa akin.

—Ikaw, Lita? Isa kang Montelibano? —tanong kong wala na ring pamumupo.

—Oo, —patunay ni Lita. — Isa nga akong Montelibano.

Sandaling namagitan sa aming apat ang katahimikan. Pagkuwa'y nagsalita si Milo.—Ikuwento mo 'yong pagtatanan natin, Lita.

Wala akong malamang sabihin kaya't pinangalawahan ko si Milo. —Siyanga, Lita, maaari bang ikuwento mo sa akin?

Tatawa-tawang sinimulan ni Lita ang pagsasalaysay.

—Matagal na kaming magkatrato nitong si Milo, nguni't dahil sa malaking galit ni Tatang kina Milo ay naisipan naming magtanan. Si Tatang din ang alkalde noon kaya't kay laking iskandalo ang nangyari! Akalain mo bang ipahuli kami ni Tatang!

—Kaya't kumuha naman si Tatang ko ng mabuting abugadong buhat pa sa Maynila, —sabad ni Milo. —Nagpanuntukan pa ang mga matanda namin ni Lita sa loob ng hukuman,—at hindi na napigilan ni Milo ang pagtawa. Kami ay nahawa rin sa kanya.

—Anong nangyari pagkatapos? —tanong ko sa mag-asawa nang lumipas na ang pagkatuwa namin sa sinabi ni Milo.

Si Lita ang sumagot sa akin. —E, di pinalaya kami. Nasa gulang na naman kami kapuwa ni Milo, e.

—At ngayon, nasaan ang Tatang mo?

—Nasa kanila't nagpapahinog. Naghihintay na lamang siyang palitan ko pagbabago ng taon,

(*Buklatin sa pahina 17*)

# Tinig sa Ilang



I

Bayani ng Lahi,
Lira mo'y kalbiti't nang makabulabog
Sa mga buwayang naglisaw sa ilog.
At, saka pukawin
Ang puso ni Sisang nababaliw halos
Sa dalang-tiising nagkaabot-abot
Na kurus ng buhay.

II

Narito't malasin
Ang langit ng iyong magandang pangarap
Makitang mahagkan ng gintong liwanag,
Ang katotohanan—
Mapait sabihing ang sama'y nagkalat,
Kung bakit nariyang hanging lumilipas
Sa dapat maglinis.

III

Dakilang Bayani,
Ang iyong damdami'y kinakailangan
Sa kanser na iyong binusbos nang minsan.
Niningning ang Laya
Kung muling mangyaring ang limpak na yaman
Ng isang Simou'y sa dagat matunaw
Nang di makabulag.

En. C. Aglebam


## *Maging* KANDIDATO OPISYAL NG INYONG PAARALAN


SA TIMPALAK NG **GLO-CO** UKOL SA WALANG BAYAD NA PAG-AARAL



KARANIWANG LAKI
5 boto



KAHIT ANONG LAKI
5 boto



4 onsa—15 boto
8 onsa—20 boto
16 onsa—25 boto



MAAARING MAGING KAYO ITO!

**Mga Gantimpala**

**6 "SCHOLARSHIP" NA TIG ₱1,000.00**

**AT ₱2,250.00 NA IBA PANG GANTIMPALA**

**ISA sa inyo ang magiging kandidato opisyal ng inyong paaralan sa Glo-co Scholarship Contest—maaaring maging kayo ito! Umagap kayo upang lalong maging malaki ang inyong pagkakataon.—*MAGSIMULA NGAYON!***

WALANG BAYAD: Sa bawa't 100 botong ipadadala nang minsanan, para sa isang kandidato, ang nagpadala (kung HINDI kandidato), ay tatanggap ng magandang larawan ng artista! Mag-album ng mga tanyag na "Glo-co Girls" habang tumutulong sa inyong kandidato.

H.S. PRINCIPALS: For a copy of complete rules, write to: Glo-co Scholarship Contest, P. O. Box 1395, Manila.

SINO ANG MAKALALAHOK — Upang mapasali, ang nais lumahok (a) ay kailangang nasa ika-apat na taon ng High School sa alin mang paaralang bayan o kinikilalang paaralang pribado (b) kailangang nagtamo ng "general average" na di bababa sa 80% sa ikatlong taon sa High School (c) hindi kawani o manggagawa o kaya'y kaanak ng sinumang kawani o manggagawa ng Cromwell Co., Inc., Manufacturing Chemists, Inc., at ng mga ahensiya nito sa anunsiyo.

KUNG PAANO MAKALALAHOK — Upang makapagpatala bilang kalahok sa timpalak, magpadala ng mga pambalot ng sabong Glo-co, mga takip ng Glo-co Face Powder, o mga etiketa ng Glo-co Tonix na may kabuuang di kukulangin sa 20 boto. Sa likod ng mga pambalot, takip at etiketa ay isulat ang pangalan, tirahan, pinapasukang paaralan at bilang ng purok ng kalahok.

KUNG PAANO BIBILANGIN ANG MGA BOTO—Bibilangin ang mga boto sa tanggapan ng Philippine Promotion Bureau Maynila gaya ng sumusunod: (a) bawa't pambalot ng sabong Glo-co, karaniwang laki, 5 boto; (b) bawa't takip ng Glo-co Face Powder, kahi't anong laki, 5 boto; (k) bawa't etiketa ng Glo-co Tonix, 4 onsa, 10 boto — 8 onsa, 15 boto — 16 onsa, 25 boto.

ANG ELIMINASYON AY MATATAPOS SA ENERO 31, 1952 — Ang isang kalahok sa bawa't paaralan na nakapagtamo ng pinakamaraming boto hanggang sa ika-5:00 ng hapon ng Enero 31, 1952 ay siyang tatanghaling kandidato opisyal ng kanyang paaralan. Ang mga kalahok na nagsipagtamo ng pinakamaraming boto, tatlo sa bawa't purok, ay tatanggap ng mga sumusunod na gantimpala: Unang gantimpala, P100.00; ikalawang gantimpala, P50.00; ikatlong gantimpala, P25.00.

ANG HULING BILANGAN AY SA MARSO 31 1952 — Ang kandidato opisyal sa bawa't purok na magtamo ng pinakamaraming boto hanggang sa ika-5:00 ng hapon ng Marso 31, 1952, ay tatanggap ng Glo-co Scholarship sa kanyang purok sa halagang P1,000.00 ang bawa't isa. Ang paaralan ng naging kandidato sa bawa't purok ay tatanggap ng P200.00 gantimpalang salapi o kasangkapan


FA-7168

# KALENDARYO NG MAGSASAKA

Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pangkabuhayan ng E. U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas.

# Mahalaga Ang Pagtutulungan Ng Lahat



1. Maaari Kayong patayin ng malarya! Si Mang Juan ay binalaan ng pampurok na pinuno sa kalusugan ukol sa malarya.




2. Ito ang pumapatay! Nabatid ni Mang Juan na tanging ang lamok na ito lamang ang makapaghahatid ng malarya.



3. Nalaman niya na ang pangingiki at lagnat na bunga ng malarya ay makasasama sa kalusugan ng tao — at makapagpapahina ng katawan upang pagkaraa'y madaling dapuan ng ibang sakit.



4. Nalaman din niya na ang malarya ay nakasasama maging sa hanap-buhay. Sapagka't lubhang manghihina kayo at sa gayo'y hindi makagagawa ng anuman.



5. Nabatid ni Mang Juan na ang malarya ay banta sa kanyang kalusugan, hanap-buhay, at tahanan — at nakapipigil din sa pag-unlad ng kanyang bansa.

## HUWAG NINYO ITONG GAGAWIN.



6. Huwag maniniwala sa matatandang sabi na ang malarya ay hatid ng hangin sa gabi — o ng tubig, anang pinuno sa kalusugan.



7. Kung kayo ay may malarya, huwag ninyong bayaang kagatin kayo ng lamok at pagkuwa'y kagatin naman ang iba upang magkasakit.




8. Sa wakas, sinabi ng pinuno sa kalusugan na may mabibisang gamot na mabibile. Kaya huwag umasa sa mga panggamot na ugat o dahon upang gumaling sa malarya.

# Maaari Kayong Patayin Ng Malarya



# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



**PAHALANG**

1. Di na uulit
8. Kabayong nagwagi sa sweepstake
14. Katagang paangkin
15. Sampung daan (kinaltas ang huling titik)
16. Natubigan
17. Galak (sa ingles)
18. Sugat
19. Tagapagpahiwatig ng mga sandali
20. Sandata ng mga igorote
21. Disin
23. S...hon (papansitin)
24. Pananalig
25. Babaing wala pang asawa
28. Nasalat
29. ... as (autor ng 3 Muskiteros)
32. Anyo ng katawan
36. Elepante sa dating Hardin Botaniko
37. Labis
38. Binayaan at naglaho
40. Salab
42. Kamkam bilang kabayaran
43. Saging na panlaga
47. Malasang isda
48. Dalawa
49. Kalawakan sa bundok
51. Hagupit sa salita
52. Sasakyang pampasahero
54. Suno
57. Tatak ng pulbos na panlinis sa ngipin
58. Hindi mabuti
59. Inangat
61. Ibang bathala
62. Malaking apoy
63. Punung-puno, naglalahoy
64. Almirol (isang hati)
65. Butil na may dalawang kulay
66. Bagay-bagay
67. Hila-hila sa kamay

**PABABA**

1. Unang pelikula ng Royal Productions
2. Pagbabangon ng mga manggagawa
3. Diyosa ng buwan
4. Kalye sa loob ng matandang Maynila
5. Tanggalin
6. Tanlaw
7. Pamaypay
8. Pananong-ulit
9. Kinagigiliwang makamanggagawa nang panahon ni Quezon
10. Ikumusta
11. Tigilsan ng kope
12. Bayan sa kanlurang Korea
13. Pang-abay panahon
22. Dama
26. Urong
27. Tuwid
29. Kalye sa purok ng Singgalong
30. Kahon ng balota
31. Magkasama
33. Matandang ilog sa Ehipto
34. Yamot
35. Para (huling dalawang titik)
37. Sasakyang pangkargamento
39. Sukatan ng pagkatao
41. Ika-4 na buwan (unang pantig)
44. Gabay ng mabuting kuwento
45. Taga-ibang lupain
46. Bapor na naghatid sa 10th BCT sa Korea
49. Relasyon ng mga anak ng magkapatid
50. Niyari
51. Mambabatas na may akda ng aklat ukol kay Rizal
52. Binubuo sa isip
53. Unang hati ng maghapon
54. Ibig
55. Pagkatuyo ng sinaing
56. Butil na panghalo sa ginatan
58. Punong-halamang tinutubaan
60. Panukoy sa sarili

*TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO*






## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | S | A | L | I | | A | L | A | B | | P | A | L | A |
| L | A | V | A | L | | L | A | T | A | | E | D | O | M |
| A | B | O | N | O | | I | L | I | T | | K | E | S | O |
| T | A | N | | K | I | L | O | | I | S | I | L | A | Y |
| | | | H | A | W | A | | A | N | A | N | | | |
| I | N | A | A | N | O | | M | A | G | U | G | U | H | O |
| K | A | S | I | O | | K | A | P | A | L | | M | O | R |
| A | Y | O | N | | G | A | L | A | W | | M | U | L | A |
| S | A | G | | S | A | P | A | W | | K | A | W | I | T |
| A | D | E | M | E | T | U | S | | I | N | I | I | N | A |
| | | | I | B | U | S | | A | D | O | S | | | |
| P | A | L | K | O | N | | A | R | A | W | | U | S | A |
| A | N | Y | A | | G | I | S | A | | L | A | K | E | T |
| G | A | O | D | | A | N | I | B | | E | S | O | P | O |
| A | S | N | O | | N | E | N | E | | S | A | L | O | K |

## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Dis. 16

1. *Carolina Andres* — 30 Tramo, Pasay City
2. *Teodoro Rivera* — 49 Alvarez Ext., Tundo, Maynila
3. *Teofilo M. Atienza* — Talaga, Mabini, Batangas
4. *Socorro A... ia* — Binangbangan, Indang, Kabite
5. *Bb. ... Gan* — San Agustin, Hagunoy, Bulakan

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Pânglinggo ng *BAGONG BUHAY*.

Ipadala ang lahat ng sagot sa *PALAISIPAN Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampaloc, Maynila*

# Walang Ilaw Ang Daigdig



**Katha ni MAR AL. TIBURCIO**

LAGANAP na ang dilim nang dumating si Titoy. Mahalumigmig ang hininga ng takipsilim na humahalik sa kanyang kayumangging mukha. Ang alit-it ng mga punong kawayan, at ang alis-is ng mga dahon ng mga punungkahoy ay mistulang malambing na sonata sa kanyang pandinig. At nang makita ng kanyang mga kanayon ang pagtigil ng karitelang kinalululanan niya ay pasagsag na nagpanakbuhan ang mga ito na papalapit. Hindi na magkamayaw ang bulung-bulungan at hiyawan. *Ka Ingga, narito na si Titoy. Tatang... tatang, si Titoy ...si Titoy! Kasama ang kanyang tatang. Nakuuu... ke-laki nang kanyang pilat sa noo at pisngi!... Ke-ganda nang salaming suot niya, ano, Ka Desta? Ke-itim naman ang kulay ng salamin!... 'Kuuu... kepayat niya! Daliin mo sana, Ka Siyon!...* At ang karitelang kinalululanan niya ay naligid na ng mga taong-nayon.

—Wala kayang ipinagbabago ang nayong linisan ko sa loob ng ilang buwan? — tanong sa kanyang sarili. — Gaya rin kaya ng dati?...

Pagkaraan ng ilang sandali, isa't isa ay nagtanong: *Malamig ba roon? Naano ang noo mo? Ang pisngi mo? Malulupit nga ba sila ha?...* at siya'y naligid na ng kanyang mga kanayon. *Ano ang kinakain ninyo, masasarap ba? Kumusta ang buhay-buhay roon?* Hindi na nakuhang pigilin ni Titoy ang pagtalon ng kanyang luhang kanina pa nakapamintana sa kanyang mga mata. Iilan-ilan lamang sa mga tanong na iyon ang nasagot ni Titoy. *Bakit ka nangayayat? Ire naman, umiiyak! Shhh... huwag kayong maingay! Kurutin mo nga, Kaka! Pauwiin mo na nga siya, Doro!...*

Magbuhat sa bakuran hanggang sa loob ng silid na kinalulukluan ni Titoy ay tila mga taong walang sawang nagbubulungan at nag-uusap. May pagkukurong kaya raw nagkapilat ang noo at pisngi ni Titoy ay dahil daw sa tama ng siyarp nel, daplis ng punglo, at kung anu-ano pang hakahakang maaaring makapinsala sa mukha ni Titoy. Naroon ring pagtalunan na kung kaya raw nangayayat ito ay dahil sa hindi raw kahiyang ang singaw ng lupa roon, o di-li kaya'y kulang daw ito sa pagkain, o hindi kaya'y kulang daw ito sa tulog.

Isang matandang babae ang marahang pumasok sa loob ng kabahayan. Yumapos ito kay Titoy. Mahigpit ang yakap na iyon. Mahigpit na mahigpit. Nginig ang mga labing hindi mabigkas ang mga pangungusap na may kaugnay sa buhay ng kanyang anak na si Luis. Kayraming paningin ang nahabag sa gayong anyo ng matandang babae. Talagang ang ina nga naman ay hindi maaaring makatiis sa anak, bulong ng marami na sinasabayan ng pag-iling ng ulo. Sa kabila ng ginawa ng anak ay naririto pa ring si Aling Hule at nakikibalita sa naging kapalaran ng kanyang si Luis.

Naramdaman ni Titoy na may pumatak na mainit na bagay sa kanyang liig. Hindi niya inino ito. Nagunita niyang gayong ding tagpo ang naganap sa isang daungan sa Maynila bago sila tumulak patungo sa kabilang ibayo ng dagat. *Ikaw na sana, Titoy, ang bahala kay Luis ko, hane? Magmahalan sana kayong dalawa ni Titoy ko, hane, Luis? Idadalangin ko sa Poong Maykapal ang inyong kaligtasan, at...*

At isaisang nanumbalik sa gunita ni Titoy ang huling pagkikita nila ni Luis sa isang larangan sa Korea. Noon ay tila agos ng tubig ang pagsalakay ng mga kaaway. Magkatabi sila ng lungga. Nagsala-salabat ang mga punglo sa kanilang ulunan. Putok doon... putok dito. At, isang bagay ang sumambulat sa kanyang harapan. Natulig siya. Nagdilim ang kanyang paligid. Pagkatapos, naglaho ang kanyang lakas na kasabay ng paglalaho ng kanyang malay. At nang manumbalik ang kanyang ulirat ay nasa kandungan siya ni Luis. Tinawag ang kanyang pangalan. Sumagot siya. May inilagay si Luis sa kanyang palad.

—Itago mo ang medalyang iyan na kaloob sa akin ni Inang, Titoy...

Nguni't Luis...

Hindi siya pinansin ni Luis. Mabilis na tumayo ito. — Tatawag ako ng doktor... narinig ni Titoy. — Sakaling hindi na ako makabalik sa ating himpilan ay ipakibigay mo kay Andang ang medalyang iyan at ipakisabi mo kay Inang ang sinapit ng aking kapalaran, at ...—Ang iba pang pangungusap ni Luis ay hindi na niya narinig. Muli siyang mawalaan ng malay-tao.

Magmula noon ay hindi na sila nagkita pang muli ni Luis. Walang ginawa siya kundi pakibalitaan ang kanyang kababata. Minsan, narinig niya sa bibig ng mga kawal ang pagsagip ng kanyang kababata sa tatlong pangkat ng mga kawal na taliba sa timug-kanluran ng Taegu. Hindi siya makapaniwalang si Luis Armagedon ang binanggit ng mga kawal.

At nang malapit na siyang tumulak patungo sa Pilipinas ay narinig niyang muli ang pangalan ng kanyang kababata. Noon ay payapang nakahiga siya sa tiheras, at naghihintay na lamang ng oras ng pagtatanggal ng mga benda sa kanyang ulo, mukha, at mga bisig. Narinig niyang binigkas ng mga kawal ang pangalan ni Luis Armagedon, at nadama niyang bumilis ang pagtaas at pagbaba ng kanyang dibdib. Noon din ay parang naulinigan niya ang tinig ni Aling Hule na nakatayo sa kanyang harapan. *Ikaw na sana, Titoy, ang bahala kay Luis ko, hane?*

At nang yapusin siya ni Aling Hule ay liningkis siya ng daming katulad ng naghari sa kanya nang marinig niya ang salitaan ng mga kawal ukol kay Luis. Sa pagkakayakap na iyon ng matandang babae ay nadama ni Titoy ang init at lakas ng mga bisig na humubog sa katauhan ng kanyang kababatang si Luis Armagedon.

Bumitiw sa pagkakayakap si Aling Hule. Umupo sa isang silyang kalapit ng silya ni Titoy. Nagmasid sa mga nagsisiratingan at narinig niya ang mga bulung-bulungan at salitaan. *Palibhasa'y mabait na bata si Titoy, e... Palasimba kasi... Hindi katulad ni Luis...*

Sa mga pariralang narinig na iyon ni Aling Hule ay lalong umantak ang dating sugat ng kanyang puso. Ibig-ibig na sanang ipagtanggol ang kanyang anak at sabihing katulad din nito ni Titoy na mabait at masunurin. Subali't, ang mga ta-

## *Isang Mahalagang Payo Ni Dr. Rizal*

**Sinulat ni JACINTO R. DE LEON**

MINSANG siya'y sumagot sa sulat ng isang kapatid na babae na bata kaysa kanya, si Dr. Jose Rizal ay nagsabi ng ganito: "Huwag kang gagawa ng ano mang bagay na sukat mong ikahiya sa harap ng tao at sa harap ng Diyos." Ang isang pag-aarál sa kasaysayán ni Rizal buhat sa pagkabatá hanggang sa kanyáng pagkamatay sa Bagumbayan noong ika-30 ng Disyembre, 1898 ay magpapatunay na ang kanyang nabanggit na payo sa kapatid ay siyang tuntuning sinunod niya sa buong buháy.

Bilang mag-aaral, si Rizal ay hindi nag-aksayá ng panahon ni nagpabaya sa kanyang mag tungkulin sa Dakilang Lumikha, sa mga magulang, sa kapwa at sa bayan. Sinikap niya ang pagpapabuti at pagpapaunlad sa sarili sa lahat ng paraan, palibhasa'y naniniwala siya na ang bawa't mabuting mamamayán ay isang karangalán, hindi lamáng ng kanyang ama't ina, kundi gayundin, ng kanyang lupang tinubuan.

Kaya, si Rizal ay naging tampok sa paaralan, naging ulirang mamamayan, at naging dakilang bayani ng kanyang lahi.

Walang pag-iimbot at hindi nabulag kailanman sa karangyaan o kayamanan at karangalang lumilipas; walang hangad tuwina kundi ang kaligayahán ng kanyang bayang pinakaiibig, si Rizal ay naglagak na ng malaking pag-asa sa kabataan maging noong siya'y bata pa. Anya:

*Itaas ang iyong noong walang dungis, aliwalas,*
*Kabataang Pilipino, sa araw na lipos-palad.*
*Magningning kang buong dingal sa magarang iyong kiyas,*
*O marikit na pag-asa ng Bayan kong liyag!*

At bago siya barilin sa Bagumbayan, ay nakaawit pa siya sa kanyang HULING PAALAM ng sumusunod:

*Ang lahat kong panaginip mulang aking kamusmusan*
*At ang mga pangarap ko nang binatang kasiglahan,*
*Isang araw'y makita kang hiyas ng dagat-Silangan*
*Na sa mata'y walang luha, taas-noong nakatunghay,*
*Hindi kimi't walang bahid 'ng ano mang kahihiyan!*

Tunay ngang mula sa kanyang pagsilang hanggang sa kanyang libingan, si Dr. Jose Rizal ay hindi gumawa ng ano mang sukat niyang ikahiya. Kaya, siya'y isang bayaning kinikilala at iginagalang ngayon ng Kapilipinuhan.

Ang kanyang payo ay magandang patnubay para sa lahat, at kung susundin, ay pakikinabangan ng sino mang mamamayan, lalung-lalo na ng kabataan.

ong naroroon ay hindi niya mapaniwala. Pagtatawanan lamang siya ng mga ito. Talastas ng kanyang mga kaharap ang asal ng kanyang si Luis.

Gayon man, nananalig siyang may isang babaing katulad din niyang naniniwala sa kabaitan ng kanyang anak. Buhat sa kinaluluklukan ni Aling Hule ay nakita nitong pumasok si Andang. At nang pumasok si Andang ay humalimuyak ang dipangkaraniwang bango na siyang nagpabaling sa ulo ng marami sa kanyang kinaroroonan. Binigyan ng puwang ang dalaga. Si Titoy rin naman na noon ay nakayuko ay biglang nagtaas ng mukha nang masamyo ang bangong iyon. Kilalang-kilala niya ang may-ari ng pabangong iyon. Iyon ang pabangong ibinigay niya sa dalaga nang sila ni Luis ay tumulak patungong Korea. Gayon man ay hindi siya kumilos sa kanyang pagkakaupo. Muling itinungo ang ulo.


Muling nagkatinig ang usap-usapan. Narinig na lahat ni Andang ang mga bulung-bulungan at salitaan ukol sa kabutihang asal ng isang linikha. Parang sinasalpok ng alon ng hapis ang pampang ng kanyang dibdib Hindi luha ang kumislap sa kanyang maaamong mata kundi kislap ng pagkamuhi. Sa pamamayani ng poot na naglalatang sa kanyang dibdib ay lumisan siyang hindi na nakuhang magpaalam. Si Titoy lamang ang nakapuna sa biglang pagkawala ni Andang. Naglaho ang bango sa kanilang umpukan at ang nahalili ay ang masansang na amoy ng labi ng mga sigarilyo at abano.

Naalaala ni Titoy ang bilin ni Luis nang huling magkita sila sa larangan ng Korea. Napahawak siya sa kaliwang bulsang tapat ng kanyang dibdib. Nakapa niya roon ang medalyang ipinabibigay ni Luis kay Andang. Nais sanang tawagin ni Titoy si Andang upang ibigay ang medalya ni Luis, nguni't walang pumulas na kataga sa kanyang mga labi. Wala na ang dalaga. At nang ikapit niya ang kayang kamay sa sandalan ng silya ni Aling Hule, ang matanda ay wala na rin.

Mariing kinagat ang kanyang mga labi upang huwag maibulalas ang damdaming nakukuyom sa kanyang dibdib, at hinayaang bumukal ang luha sa kanyang mga mata. Sa luhang iyon ay kasamang nalaglag ang mga hamog ng damdaming kangina pa'y tila mga alapaap ng ulang ibig na dumilig sa mga bulaklakang taglay ng mga dibdib na nagmamahal sa anak, habang sa kanyang alaala ay minsan pang sumagi ang bayang larangan ng digmaan.

—(X)—

## May Luha Man Ang Pasko Mo . . .



*Nagdaraan man ang tuwa sa paningin mong may dusa*
*Sa mahirap ninyong nayong*
*Na minsan sa isang taon kung dalawin ng ligaya;*
*Bagong bihis kang manikang sumugod din sa bisita*
*Sa luma mong kasuotang*
*Barong habi sa Kalibo at luntiang panyo't saya...*

*Huli man ang iyong gayak sa takbo ng bagong sining,*
*Larawan kang gumaganda*
*Sa bakas ni Maria Clarang sagisag ng lahi natin;*
*Di katulad ng Ginhawang natutuwa ang damdamin*
*Sa pagsunod sa magaslaw*
*Na Sining ng kabihasnan sa puso mong mahiyain...!*

*Sa mata mong takip-silim na malamlam ang liwanag*
*Ay di mo rin naikubli*
*Na nagbatis sa pisngi mo ang perlas na nangabasag;*
*Nagmalupit man sa iyo ang masamyong halimuyak*
*Na simoy ng Paskong ito'y*
*Matamis din ang ngiti mo't mabango rin ang paglingap...!*

*Sa masayang Noche Buena ay di ka rin nakalimot,*
*Dinalaw mo ang bisita't*
*Naglamay sa munting Belen ang damdamin mong may lunos;*
*Hinintay mong buong puso ang pagdating sa sinukob*
*Ng Anak ng Diyos Amang*
*Sa sabsabang sinilanga'y mga Anghel ang nagtanod...!*

*Kaya nga ba't sa harapan ng Haring nagpakababa,*
*Taimtim kang nanalangin*
*At ang bawa't kamalia'y hinugasan mo ng luha;*
*May ulap man ang langit mo ay tunay kang isang tala*
*Sa Diwa ng Paskong ito'y*
*Maningning na nagsasabog ng sinag na masanghaya...!*

**ALFREDO P. ESTEBAN**

## *Ngayong Pasko, Diyos . . .*



*Ngayong Pasko, Diyos, Diyos, ang hiling ko'y iba naman —*
*(Di na kita yayamutin*
*ng dasal kong dating dasal.*
*Ang Disyembreng nangaglaho'y*
*maikli bang paghihintay?)*
*Di pamihis ni panagpi sa Parol kong gutay-gutay,*
*Ni di na rin munting titis sa Bahay kong walang ilaw . . .*
*Ito Diyos, ang hiling ko, ibigay mo . . . O! ibigay —*
**Mga bisig na asero**
**at katawang batumbuhay,**
**Elektrikang dugo't diwa**
**at ga-mundong pusong bakal!**
*—Ito lamang, Diyos, Diyos, ito lamang, ito lamang . . .*

—P. B. PERALTA PINEDA

## Teresita

*(Karugtong ng nasa pahina 7).*

kahantungan ng kanyang palad. Paano kung di siya totohanin ni Ramon? Paano kung humadlang nga sa kanilang pag-iibigan ang mga magulang ng binata? Paano kung marahuyo ito sa ibang kagandahan bago sumapit ang araw ng pagharap nila sa dambana?

Tila ibig-ibig sisihin ngayon ni Rosalina ang kanyang sarili. Naging lubos ang kanyang pagtitiwala. Hindi na niya nalimi na sa nagawa niyang ganap na pagpapaubaya ay mangyayaring malagay siya sa alanganin pagdating nang araw.

Upang malwasan ang mga bagay na kanyang pinangangambahan, minarapat ni Rosalinang himukin si Ramon na sila'y pakasal na kahit di pa sila nakatatapos ng pag-aaral. Hindi naman tumutol ang binata. Ito pa ang nagmungkahing kailangang umuwi muna sila sa nayon ng Buhanginan upang ipagtapat sa ina ni Rosalina ang balak nilang pag-iisang-dibdib. Kung sakaling wala rin itong tutol ay saka naman sila haharap sa mga magulang ng Ramon upang hingin ang kapahintulutan ng mga ito sa pagsasagawa ng mga bagay-bagay.

At isang umaga ng araw ng Linggo, ang magkasintahan ay magkasamang umuwi nga sa nayon upang ipagtapat kay Aling Anday ang kanilang napagkasunduang pagharap sa dambana. Masaya noon si Rosalina. Hindi man lamang sumasagi sa kanyang guniguni ang masaklap na mga pangyayaring kasasadlakan ng kanyang kapalaran na bunga ng nagawa niyang pagkakamali.

Hindi nakaila kay Rosalina ang tila pagkakatigagal ni Ramon at ang biglang pagkapahid ng kasiglahan nito nang makita ang kanilang dukhang tahanan. Nakapanhik na sila sa dampa at si Ramon ay nakaupo na sa isang bangkong inihandog ni Aling Anday ay hindi pa nagsasalita ang binata na tila naglalakbay sa malayo ang diwa. Si Aling Anday man ay parang nabigla rin sa pagsipot na lamang at sukat ng kanyang anak na may kasamang isang lalaki.

—Inay... siya'y si Ramon, ang aking kasintahan, — gumaralgal ang tinig ni Rosalina nang unang magbuka ng mga labi. — Umuwi kami upang.. humingi ng kapahintulutan sa aming pag-iisang-dibdib.

—Ano? Diyata't mayroon ka nang kasintahan?... At kayo'y pakakasal na? — pabigla ang pagkakasagot ni Aling Anday at bahagyang namula ang mga mata.

—Huwag kayong mabibigla, Inay. Talagang ganito lamang ang kapalaran ng tao. Ako man ay hindi ko rin akalaing maa-

*(Buklatin sa pahina 16)*



## "HULING PAALAM"

(*Karugtong ng nasa pahina 6*)

*At kung gabing may balot na ng karimlan ang libinga't*
*Tangi lamang nagsiyao ang duon ay naglalamay,*
*Huwag silang gambalain, ang hiwaga ay igalang*
*Kaipala'y maririnig ang kudyaping may kundiman,*
*Sintang Bayan, ¡yao'y ako, at kita'y inaawitan!*

*At kapag ang libingan ko'y nalimutan na ng madla*
*Walang dipa maging batong kabakasan niyong tanda,*
*Bayaan mong bungkalin na't isabog ng maglulupa't*
*Ang abo ko bago sana mapabalik man sa wala,*
*Sa malambot mong tuntunga'y mapalatag munang sadya.*

*At sa gayo'y di na ako kailangang gunitain,*
*Ang hangin mo, ang lawak mo, ang libis mo'y babagtasin;*
*Sa dinig mo ay magiging tinig akong naglalambing,*
*Halimuyak at liwanag, kulay, higing, awit, daing,*
*Ubod niring paniwala'y muli't muling sasambitin.*

*Aking bayang iniirog, hapis niring kahapisan,*
*Sinisintang Pilipinas, dinggin yaring pamaalam,*
*Iniiwan ko ang lahat, magulang ko't kaibigan,*
*Tutunguha'y walang api, manlulupig, mamamatay:*
*Ang pagsamba'y di ninitil, si Bathalang Hari lamang.*

*Paalam, magulang, kapatid, pilas ng kaluluwa,*
*Kalaro ko nang musmos pa sa tahanang naparam na.*
*Ipagpasalamat ninyo ang pagod kong nagkahangga:*
*Paalam na, dayong tangi, aking aliw, aking sinta,*
*Paalam na, tanang mahal, mamatay ay mamahinga.*




## Teresita

(*Karugtong ng nasa pahina 15*)

gang magwawakas ang aking pagka-dalaga... — Niyakap ni Rosalina si Aling Anday at hinimas-himas ang bisig nito — Huwag kayong malungkot, Inay. Hindi naman ako nagkamali sa pagpili ng lalaking paglalagakan ng aking pag-ibig. Makikilala rin ninyo siya... at ang kanilang angkan.

Bagaman napapansin na ni Rosalina ang pagiging walang-kibo ni Ramon ay hinudyatan niya itong magsalita upang siya namang makipag-usap sa kanyang ina. At nagpaunlak naman si Ramon. Ipinagtapat din niya kay Aling Anday na sila'y nagkasundo na nga ni Rosalinang pakakasal sa lalong madaling panahon. Hiningi niya ang kapahintulutan ng matanda na hindi naman nakatanggi o nakapagpasubali man lamang.

—Kayo na ang masusunod, mga anak...— nawika na lamang ni Aling Anday na nanatak ang luha. — Lamang ay ipinagpapauna kong napakabata pa si Rosalina upang mag-asawa. Kaya kung sakaling may magagawa siyang anomang mga pagkukulang ay ikaw na ang bahalang magpupuno, Ramon.

—Wala kayong aalalahanin sa bagay na iyan, Inay. Makaaasa kayong si Rosalina'y magiging maligaya sa aking piling.

Kinahapunan din ng araw na iyon ay nagbalik sa lunsod si Ramon. Iniwan na muna niya sa nayon si Rosalina upang nakapaghanda-handa ng mga bagay na kakailanganin sa kanilang kasal. Sinabi niya kay Aling Anday na babalik siya kinalingguhan na kasama na ang kanyang mga magulang upang mamanhikan para sa kamay ni Rosalina.

Ang pagkauwing iyon ni Rosalina na kasama si Ramon ay madaling kumalat sa buong nayon. Kung anu-ano na ang naging usapan tungkol doon. Maraming dalaga ang nangimbulo sa kapalaran ni Rosalina pagka't di-umano'y makapapangasawa ito ng isang lalaking mayaman. May nagsabing salamat at totoohanin naman si Rosalina ng isang binatang-lunsod. May nagpapalagay naman na magkatuluyan man ang dalawa ay hindi magiging maligaya si Rosalina pagka't ang lalaki'y anak ng mga may-kaya samantalang mahirap lamang sina Aling Anday. May humuhula namang baka hindi na sumipot si Ramon ngayong malaman nito at makita ang napakaabang kalagayan ng mag-ina....

Nang umabot kay Tinoy ang balitang iyon ay parang tinarakan ng balaraw ang puso ng binata. Diyata't ikakasal na si Rosalina? Diyata't ganap nang aariin ng iba ang babaing pinag-ukulan niya ng banal na pag-ibig sapul pa sa kanilang kamusmusan? Diyata't lubusan nang maglalaho sa kanyang buhay ang minamahal na kababatang siyang kadiuan ng lahat niyang luwalhati at pag-asa?

Napakagat-labi ang binata at nakadama ng matinding kapighatiang lumingkis sa kanyang dibdib. Gayunma'y tinatagan niya ang kanyang loob. Sa kabila ng lahat ay mahal niya si Rosalina. Ano man ang mangyari at saan man humantong ang kanyang kapalaran, ay ito lamang ang babaing iibigin niya at sasambahin ng kanyang puso. Hindi maaaring mamatay ang pag-ibig na iyan kahi't na si Rosalina'y makikipag-isang-puso na sa ibang lalaking higit na mapalad.

Kinagabihan ng araw na matanggap ni Tinoy ang balitang sumugat sa kanyang damdamin ay dumalaw siya kina Rosalina. Nais niyang minsan pa itong makaniig bago tuluyang angkinin ng ibang pagmamahal. Nang gabing iyon ay mapanglaw ang kalikasan at madilim ang kalawakang ulila sa mga bituin na tila nakikiramay sa kalungkutang nadarama ni Tinoy nang mga sandaling iyon.

Magpapa-*tao po* na sana ang binata nang matigilan sa may puno ng hagdan. Dinig na dinig niya ang malakas na paghikbi ni Rosalina buhat sa itaas na kasabay ng marahang pagsasalita ni Aling Anday na tila umiiyak din. Naisaloob ni Tinoy na may malubhang nangyayari. Kung ano ay siyang hindi niya mabatid. Nanatili siyang nakatayo sa may puno ng hagdan at matamang nakiramdam..

(ITUTULOY)

MISSING PAGE/PAGES

## ·asko sa Malinaw

*·arugtong ng nasa pahina 17)*

· pa ang mga batang mag-·dalaw sa kanilang mga ni-·ng at ninang. Balanang ma-·andang nasasalubong namin bumati ng:—Maligayang ·ko, Milo; Maligayang Pasko, ·ta!

Matiwasay naming sinapit ang ·hanan nina Kabesang Ponso, ·g ama ni Lita.

—O, naito, —at iniabot sa ·n ni Milo ang isang mala-·g kahon na maraming butas maliliit.

Buo ang loob kong pinasok · nakabukas na tahanan ng ·besa.

—Maligayang Pasko po,—ba-ko sa mga dinatnan sa loob ·bahay.—Sino po ba sa ka-· si Kabesang Ponso?

Isang matandang lalaking na-·tabako ang lumapit sa akin. Tuloy ka, Amang. Ako ang inahanap mo. Bakit ba?

Iniabot ko sa kabesa ang ma-·iking kahon.—Mayroon pong tao sa labas na nagpapabigay sa inyo nito.

Pasasa-pintuan pa sana ang matanda nang sabihin kong:—Bago raw po ninyo sila patuluyin ay buksan muna ninyo ang kanilang sorpresang handog na Pamasko.

Maingat na kinalag ng kabesa ang bughaw na lasong nakatali sa kahon at nang buksan niya ito ay tumambad sa kanya ang isang malusog na sanggol na nakatawa. Isang pirasong karton ang pinaglalaru-·g bata at doon ay naka-·ang: 'ANG INYONG APO, ·ANG-LITA at MILO."

Sa nag-aanyayang larawan · walang malay na sanggol ay ·imutan ng kabesa ang mala-·g galit niya sa mag-asawa. ·uong pagkasabik niyang kinu-· ang animo'y munting ang-·el na nasa kahon at isinayaw ·a sa loob ng bahay.—Ang apo ·o... kay ganda ng apo ko!—·nya habang isinasayaw ang ·ata.

—Ang Tatang... ang Tatang ..may bata! May bata,—puna ng isa sa mga kasambahay ng kabesa. At pinagkalumpunan nila si Itoy.

Bumaling sa akin ang matandang kabesa — Siyanga pala, amang, nasaan sila?

Nguni't bago ako nakatugon ay may sumagot sa likuran ng matanda. --Naririto po, Tatang, —at dagling humalik ng kamay ang mag-asawa sa napamaang na magulang. (X)





AUTHORIZED BOTTLER

**San Miguel Brewery**

TUNE IN THE MARIO LANZA SHOW DZPI—Wednesdays—8:00 P.M. DZMB-Sundays—8:00 P.M.

# Bagong Taon...
# Bagong Buhay...

Sa papasok na Taon ay sikaping tumahak
sa Bagong Landas ng BUHAY...Tangkilikin
ang mga Produktong Pilipino at mahalin ang mahahalagang
kayamanang nasa silong ng ating Langit.
Higit sa lahat, pagyamanin at palaganapin
ang Sariling Wika sa pamamagitan ng pagbabasa
ng mga babasahing nasusulat sa Wikang Pambansa
gayundin ng tanging pahayagang pang-umaga sa
wika ni Balagtas—ang

**BAGONG Buhay**

***Malayang Pahayagang Pang-araw-araw***

na naghahangad ng

***Masaganang Bagong Taon*** **sa lahat!!!**